Ministry of Labour, Training and Skills Development

Konstruksyon: Gabay para sa Kalusugan at Kaligtasan

Mga Resposibilidad ng Employer:

Kung napag-alaman mong nalantad ang isang empleyado sa COVID-19 sa trabaho, o may isang nauugnay na inihaing claim sa WSIB, siguraduhing abisuhan ang ministry at ang magkasamang komite sa kalusugan at kaligtasan, kinatawan sa kalusugan at kaligtasan at unyon ng manggagawa sa inyong lugar ng trabaho. **Tawagan ang Health and Safety Contact Centre ng ministry sa 1-877-202-0008**.

Mga Karapatan ng Manggagawa:

May karapatan ang mga manggagawang tumanggi sa hindi ligtas na trabaho. Kung hindi malulutas ng kumpanya mismo ang mga alalahanin sa kalusugan at kaligtasan, puwedeng humingi ng tulong ang manggagawa sa pamamagitan ng paghahain ng reklamo sa **Health and Safety Contact Centre ng ministry sa 1-877-202-0008**.

Panatilihin silang ligtas:

- Lahat ng tauhan sa site
- Lahat ng taong may access sa site
- Mga superbisor at manager
- Mga supplier at mga naghahatid
- Mga nagpapatakbo ng makinarya
- Mga pangkalahatang trabahador
- Mga bihasang manggagawa
- Mga taong taga-signal
- Mga humahawak ng materyales
- Mga pintor at finisher
- Mga arkitekto at inhinyero
- Mga empleyado sa opisina
- Mga pangkat para sa Kalusugan at Kaligtasan



Ugaliin ang pisikal na distansya at panatilihin ang 2 metrong distansya mula sa ibang tao

Isagawa ang mga pagpupulong sa labas ng gusali



Linisin ang mga kagamitan bago at pagkatapos itong gamitin

Linisin nang madalas ang mga palikuran

Gawing madaling magamit ang hugasan ng kamay o mga lugar para sa paglilinis



Disimpektahin ang mga pantakip sa mukha at iba pang personal protective equipment (personal na kagamitang pamprotekta)

Huwag pagsabay-sabayin ang mga oras ng pagsisimula at pagtatapos



Ilagay sa bag ang mga damit na pantrabaho kapag iniuuwi sa bahay para labhan

Humanap ng higit pang mapagkukunan na kaugnay sa Gabay sa Konstruksyon sa otario.ca/covid.

Ontario